# NAGBAGO ANG MGA ANTAS NG PANGANIB SA SUNOG

## MAAARING MAGLIGTAS NG IYONG BUHAY ANG KAALAMAN SA ANTAS NG PANGANIB SA SUNOG

Mas simple at madaling maunawaan ngayon ang mga Antas ng Panganib sa Sunog. Sa paggamit ng pinakabagong agham at teknolohiya, makakapagbigay ang mga ito ng mas malinaw at tamang antas upang magligtas ng mga propyedad at buhay.

Ang mga Antas ng Panganib sa Sunog ay magbibigay sa iyo ng indikasyon kung ano ang mga kahihinatnan ng sunog, kung magsisimula ito.

**Kung mas mataas ang antas, magiging mas mapanganib ang mga kondisyon.**




## ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

May apat na antas ang mga Antas ng Panganib sa Sunog, ang mga ito ay:

### KATAMTAMAN

**Magplano at maghanda.**

Karamihan sa mga sunog ay maaaring makontrol.

- Manatiling up to date at maging handang kumilos kung may sunog.

### MATAAS

**Maging handang kumilos.**

Ang mga sunog ay maaaring maging mapanganib.

- May lumaking panganib. Maging alerto sa mga sunog sa inyong pook.
- Magpasya kung ano ang gagawin kung magsisimula ang sunog.
- Kung magsisimula ang sunog, maaaring manganib ang iyong buhay at propyedad. Ang pinakaligtas na opsyon ay iwasan ang mga pook na may panganib sa bush fire.

### SUKDULAN

**Kumilos ngayon upang protektahan ang iyong buhay at propyedad.**

Mabilis na kakalat ang sunog at magiging labis na mapanganib.

- Ang mga kondisyon ng sunog na ito ay mapanganib.
- Tingnan ang iyong plano sa bush fire at tingnan kung ang iyong propyedad ay handa na para sa sunog.
- Kung magsisimula ang sunog, kumilos kaagad. Kung ikaw at ang iyong propyedad ay hindi handa sa pinakamataas na antas, pumunta sa isang mas ligtas na lokasyon bago lumala ang sunog.
- Muling pag-isipan ang pagbiyahe sa mga pook na may panganib sa bush fire.

### MALAKING KAPAHAMAKAN

**Para sa iyong kaligtasan, lisanin ang mga pook na may panganib sa bush fire.**

Kung magsisimula at kakalat ang sunog, malamang na may mga buhay na mawala.

- Ang mga ito ang pinakamapanganib na mga kondisyon para sa sunog.
- Ang iyong buhay ay maaaring nakasalalay sa gagawin mong desisyon, kahit wala pang sunog.
- Manatiling ligtas sa pamamagitan ng pagpunta sa isang mas ligtas na lokasyon sa gabi o kinabukasan ng madaling araw.
- Hindi tatagal ang mga bahay sa sunog sa ganitong mga kondisyon. Maaaring ikaw ay hindi makaalis at walang tulong na makukuha.

**WALANG ANTAS:** Sa mga araw na walang masyadong panganib, gagamitin ang puting bar na ibig sabihin ay 'Walang Antas'.
I-report ang anumang sunog sa 000.

Queensland Government



# PAG-UNAWA SA MGA ANTAS NG PANGANIB SA SUNOG

Inilalarawan ng mga Antas ng Panganib sa Sunog ang mga kahihinatnan ng isang sunog kung magsisimula ito. Hindi nito ipinapakita ang tsansa ng pagkakaroon ng sunog, bagama't karaniwan ito ay isang maling palagay.

Idinedeklara ang mga Antas ng Panganib sa Sunog para sa isang Pook ng Sunog. Ang mga ito ay batay sa mga pook ng lokal na pamahalaan.

Kinakalkula ang mga antas gamit ang kumbinasyon ng pagtataya sa panahon at impormasyon kung anong mga halaman ang maaaring magpaalab ng apoy.

Sa panahon ng anihan, ang mga Pangkaligtasang Babala sa Anihan ay maaaring ipalabas para sa mga pook na nasa Mataas at higit pa.

Karaniwan, ang mga Lubos na Pagbabawal sa Paggawa ng Apoy ay ilalapat sa Sukdulan at mas mataas pa.

Kapag ang panganib sa sunog ay umabot sa Mataas, maaaring masuspindi ang mga permit. Tingnan ang anumang mga kondisyon na nasa iyong permit sa paggawa ng apoy.

Maaari mong gamitin ang mga Antas ng Panganib sa Sunog bilang pangsimula ng aksyon sa iyong plano ng kaligtasan sa bush fire.

https://qld.gov.au/fdr

Pakikinig sa inyong lokal na balita

Filipino